

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Lungsod ng Brampton nagpapatuloy na hikayatin ang pamumuhunan at paglago sa Innovation District

Higit sa \$55 milyon ang nai-commit sa pamamagitan ng mga partner sa Innovation District

BRAMPTON, ON (Oktubre 14, 2021) –Patuloy na pinapasigla at binubuksan ng Lungsod ang pang-ekonomiyang potensyal sa downtown nito sa pamamagitan ng pagbuo ng inobasyon entrepreneurship ecosystem: ang *Brampton Innovation District*. Sa mga kasunduan na nag-umpisa noonong 2019, nangangako ang Lungsod na mamumuhunan ng tinatayang \$20.5 milyon sa Innovation District nito, na may karagdagang tinatayang \$55.2 milyon na pamumuhunan na nakuha sa mga partner ng Innovation.

Mula 2019 hanggang 2021, anim na bagong partner ang nagtakda ng kanilang presensya sa Innovation District. Ang mga partner sa Innovation District ay kinabibilangan ng entrepreneurial, business incubation, training pagkatapos ng sekondarya, at accelerator spaces tulad ng Brampton Entrepreneur Centre, BHive Brampton, ang Ryerson-led Venture Zone, Altitude Accelerator, the Founder Institute, Algoma University, at ang Rogers Cybersecure Catalyst Headquarters and Accelerator. Ang Sheridan Edge, ang Brampton Board of Trade and Downtown Brampton BIA ay mahahalaga ring partner sa pagtayo ng Innovation District.

Nagpapatibay sa Termino ng mga Prayoridad ng Konseho, ang pampagbabagong mga inisyatiba na nagaganao ay makakatulong sa paglikha ng kompletong mga komunidad, magbubukas sa potensyal sa ekonomiya at mas magpapalakas sa unqiue na posisyon ng Brampton sa Innovation Corridor.

Sa buong panahon ng COVID-19, patuloy ang Lungsod sa paghikayat ng pamumuhunan sa downtown at pinapaigting ang bagong mga development sa core ng Brampton. Sng patuloy na ebolusyon ng Innovation District ng Lungsod ay isang mahalagang piraso sa [Estratehiya ng Pagbangon ng Ekonomiya](#), at tutulong sa Lungsod na umabante mula sa mga epekto ng pandemya na may pokus sa mga sektor na nakahanda para sa patuloy na paglago, tulad cybersecurity at artificial intelligence.

Para matuto pa tungkol sa Innovation District, bisitahin ang www.bramptoninnovationdistrict.com o panoorin ang [video](#) ng Lungsod na nagha-highlight sa mga epekto nitong innovation ecosystem.

Maiikling Impormasyon

- Ang Lungsod at ang mga partner ng Innovation District ay nag-host ng 3,288 sesyon, workshop at mga event na nakatuon sa paghikayat at pagtataguyod ng inobasyon, teknolohiya, at pagnenegosyo sa Innovation District. Ang mga sesyon na ito ay may kasamang one-on-one na mga konsultasyon sa negosyo, mga training, startup workshop, at mga kampanya sa edukasyon sa cybersecurity at dinaluhan ng higit sa 12,000 kalahok.
- Ang mga partner ng Innovation District ay patuoy na magbibigay ng mga oportunidad na skilled na pangengempleo sa downtown Brampton ant nag-hire ng 49 na empleyado hanggang

ngayon. Ini-engage ng BHive Brampton ang 73 internasyonal na mga startup mula sa pagsisimula sa Mayo 2021, at tinanggap ang 14 na internasyonal na mga startup sa kanilang incubator program.

- Noong Hulyo, inanunsyo ng Lungsod na pinili nito si Diamond Schmitt bilang arkitekto para sa Centre for Innovation nito, .Ang CFI ay matataguan nang sentral sa downtown core ng Brampton at susuporta sa presensya ng mga institusyon kasunod ng sekondarya sa kasalukuan at sa hinaharap sa lungsod tulad ng Algoma University, Ryerson University at sa University ng Guelph-Humber. Ito ay magiging isang pangkolaborasyong pag-aalok ng espasyo sa bagong central library at gumaganap ng mahalagang papel sa pagkonekta sa mga institusyon matapos ang sekondarya na may lokal na mga negosyo at mga start-up at tumutulong sa pagkonekta sa puwersa ng manggagawa ng Brampton na may skilled na mga trabaho sa hinaharap. Ito ay magiging gateway at landmark para sa mga pasahero ng tren na pumapasok o umaalis sa lungsod mula sa Downtown Brampton GO station.
- Ang Rogers Cybersecure Catalyst ay nagawaran ng \$1.9 milyon ng Employment and Skills Development Canada sa pamamagitan ng Future Skills Centre Program. Gagamitin ang mga pondo para suportahan ang ekspansyon ng Accelerated Cybersecurity Training Program para marating ang mas diverse na mga mag-aaral at para sa pananaliksik kung paano ang mga programa sa pagsasanay makakarating sa diverse na mga pangkat demograpiko.

Mga Quote

“Ang Brampton ay nasa kalagitnaan ng kapana-panabik na transpormasyon, at kasama ang ating mga partner, naglalagay tayo ng kinailangang building blocks para i-develop ang itayo ang ating Innovation District tungo sa isang malaking hub ng edukasyon at inobasyon. Habang patuloy nating dinadaan itong kasunod na yugto ng pandemyang COVID-19, itinataguyod natin ang isang dinamikong komunidad startup, dini-debelop ang local na talent at sinusuportahan ang mga entrepreneur, at pinapasulong ang pagbangon ng ating mga ekonomiya para sa mga residente at mga negosyo. Ang Brampton ay tunay na lumilitaw bilang isang global na lider sa inobasyon.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang nagpapatuloy na ebolusyon ng Innovation District ay isang mahalagang piraso sa Estratehiya ng Pagbangon ng Ekonomiya ng Lungsod, at, kasama ang ating mga partner, patuloy tayong lumilikh ng pamumuhunan sa ating downtown core habang tayo ay umaabante mula sa mga epekto ng pandemyang COVID-19. Sa pamamagitan ng pagsulong sa ating pampagbabagong Centre for Innovation at pagtatakda sa Brampton bilang isang hub ng inobasyon at entrepreneurship, hinihikayat natin ang pag-unlad sa downtown Brampton na magbibigay benepisyo sa lahat ng residente natin.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Pinapasigla at binubuksan natin ang potensyal ng ating downtown, at lumilikha ng kumpletong mga komunidad sa pamamagitan ng pagdadagdag sa mahalagang mga inisyatiba sa ating Innovation District na magbubunga sa ating mga residente, estudyante at mga negosyante. Ang Brampton ay seryoso at determinado, at kasama ng ating pina[ahalagahang mga partner sa Innovation District, nagtatayo tayo ng world-class na edukasyon at hub ng inobasyon, sa gitna ng ating lungsod.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Economic Development and Culture, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay patuloy na nangunguna sa daan ng pag-develop sa ating lungsod tungo sa hub ng edukasyon at inobasyon para magbigay ng benepisyo sa ating buong komunidad. Sa ating magandang lokasyon sa Innovation Corridor ng Canada, sa pinapahalagang mga partnership, at skilled at iba’t ibang pool ng talento, binubuksan natin ang potensyal para sa ating downtown at nagtatayo ng Innovation District para ang mga residente, estudyante at negosyo ay uunlad.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca